

William Marrion Branham

---

# Ang Mensahero

---

Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel...

Apoc. 10:7



# MGA NILALAMAN

1 ISANG PROPETA?

6 ANG PANGAKONG PROPETA NG  
HULING MGA ARAW

11 ANG SIMULA

15 MGA TAON NG KABATAAN

29 ANG HALIGING APOY

36 NAHAYAG ANG MGA HIWAGA

42 MGA SANGGUNIAN

Ang Voice Of God Recordings, Inc. ay isang inter-denominational na ministryong naglalayong ipalaganap ang Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Dalangin naming ang munting aklat na ito'y maging pagpapala sa iyo at makapagbigay sa iyo ng mas mainam na pagkaunawa tungkol sa huling kapanahunang kinabubuhayan natin.

# ISANG PROPETA?

**S**a Biblia, laging inihahayag ng Diyos ang Kanyang Mensahe para sa sangkatauhan sa pamamagitan ng propeta ng kapanahunan. Nangusap siya kay Moises sa pamamagitan ng nagniningas na kahoy at inatasan siyang pangunahan ang mga Hebreo palabas ng Egipto. Ipinagkaloob sa kanya ang nariya't nakikitang Haliging Apoy at iba pang mga tanda upang pagtibayin ang kanyang ministeryo. Si Juan Bautista naman ay nagdala ng Mensaheng naghahanda sa sanlibutan sa pagdating ng Mesiyas. Habang binabautismuhan niya ang Panginoong Jesus sa Ilog ng Jordan, isang Tinig mula sa Langit ang nagpatotoo sa pagkakasugo kay Juan na siya nga ang magpapakilala sa Cordero ng Diyos, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan." Makalipas ang maraming taon, narinig muli ang Tinig ng Panginoon na nangungusap sa isang propeta nung Siya ay nangusap kay Pablo sa pamamagitan ng nakabubulag na Liwanag, at pagkatapos ay isinugo siya upang ilagay ang mga iglesya sa kaayusan. Saan mang dako ng Bago at Lumang mga Tipan, hindi kailanman nangusap ang Diyos sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng isang sistemang maka-denominasyon o isa mang organisasyong pang-relihiyon. Lagi siyang nangungusap sa kanyang bayan sa pamamagitan ng isang tao: ang Kanyang propeta. At Kanyang pinagtibay ang mga propetang ito sa pamamagitan ng sobrenatural na mga tanda.

**Pero paano naman sa panahon natin ngayon? Inihahayag pa rin ba ng Diyos ang Kanyang Salita sa mga propeta? Mayroon pa rin bang mga sobrenatural na mga tanda? Magsusugo ba ang Diyos dito sa mundo ng isang propeta ng makabagong-panahon? Ang kasagutan ay walang pag-aalinlangang,**

## “Oo!”

Pero paano natin malalaman kung lilitaw na ang isang propeta? Ano kayang magiging itsura niya? Paano kaya siya kikilos? Ano kayang mga tanda ang ipamamalas niya sa atin? Anong bahagi ng Kasulatan ang kanyang bibigyang katuparan?

Ang mga propeta ng sinaunang panahon ay maituturing na mga magigiting na tao ng Diyos, at hindi sila takot na lumaban sa mga organisasyong pang-relihiyon. Sa katunayan, sila nga’y halos lagi na lang mainit sa mata ng mga matataas na lider ng simbahan. Hinamon tuloy ni Elias ang mga organisasyong pang-relihiyon ng kanyang panahon, sinasabi niyang alin man ’yan sa kalulugdan ng Diyos ang kanilang handog, o’yung handog niya ang kalulugdan. Kaya naman nagsipaghiyawan sila sa pagsusumamo. Nagsipanghula sila. Nagtatalon sila sa ibabaw ng altar. Pinaghihiwa pa nila ang kanilang mga sarili gamit ang sundang. Subalit hindi sila dininig ng Diyos. Si Elias nama’y tumingala sa Langit at nagwikang, “Makikilala ka sa araw na ito na ikaw ay Diyos sa Israel, at ako ang iyong lingkod, at aking ginawa ang lahat ng bagay na ito sa iyong salita.” Pagkatapos nun ay nagpababa siya ng apoy mula sa Langit upang supukin ang handog. Si Micaya naman na isang propeta ay sumalansang sa Hari ng Israel, at sa buong lupon ng mga saserdote, nung sansalain niya ang Punong Saserdoteng si Zedekias dahil nanghula ito ng kasinungalingan. Sinampal siya nitong Punong Saserdote sa mukha at ipiniit pa siya ng Hari sa bilangguan dahil sa pagsasalita ng katotohanan. Maging ang Panginoong Jesus ay lubhang kinamumuhian ng mga organisasyong pang-relihiyon ng Kanyang panahon na anupa’t kanila tuloy Siyang ipinako sa krus kahanay ang mga kriminal na halang ang bituka. Kung susundan ang takbo ng kasaysayan, kamumuhian din pihado ng pangkasalukuyang sistemang maka-denominasyon ang propeta, at ang propetang ito ay babansagang lisyang mga turo’t aral, bulaang propeta, o mas matindi pa riyang. Subalit kakasamahin ng Diyos ang Kanyang lingkod.

**Kung may propeta nga sa makabagong panahong ito, paano kaya siya tatanggapin ng Iglesia Katolika? Iglesyang Baptist? Iglesyang Lutheran? Alinman diyang denominasyon?**

Isinugo ng Panginoong Jesus ang lahat ng sumasampalataya sa Kanya: *“At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; Sila’y magsisihawak ng mga ahas; at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisigaling.”* (Marcos 16:17-18). Ang Kasulatan bang ito’y totoo pa rin mapasa-hanggang ngayon? Kung hindi na ito totoo, kailan pa nawalan ng bisa ang mga Salitang ito ng Panginoon? Saan mang panig ng Biblia, nagawa ng mga propetang magpagaling ng mga maysakit, magpalayas ng demonyo, at magpamalas ng mga himala. Inilagay ni Moises ang ahas na tanso sa harapan ng bayan ng Israel upang gumaling sila mula sa kagat ng makamandag na mga ahas (Mga Bilang 21:9). Ito namang si Naaman, na isang makapangyarihang taga-Siria, dumulog siya kay Eliseo upang mapagaling sa sakit niyang ketong (II Mga Hari 5:9). Noong mahulog sa kanyang kamatayan mula sa bintana sa itaas na palapag ang isang binata, niyakap siya ni apostol Pablo at ipinanumbalik niya ang buhay sa katawang iyon na wala nang buhay (Mga Gawa 20:10). Mayroon din lamang tayong nababasang higit-kumulang na 3½ taon sa buhay ng ating Panginoong Jesus, subalit sa maiksing panahong iyon, walang patid Niyang pinagaling ang mga maysakit. Ang mga bulag ay ginawang makakita. Pinagaling ang mga may ketong. Nakatanggap ng kagalingang makarinig ang mga bingi. Nakalakad ang mga lumpo. Sari-saring karamdaman ang napagaling (Mat 4:23).

Nagawa rin ng Diyos na pagtibayin ang kanyang mga propeta sa iba pang mga bagay maliban pa sa pagpapagaling. Maging ang pinakatatagong mga lihim ng puso ay nailalahad sa mga taong ito ng Diyos. Noon nga'y nagkaroon ng nakababagabag na panaginip ang Haring Nabucodonosor, ang kaso ay hindi na niya ito maalala. Parehas na inilahad ng propetang Daniel sa hari ang panaginip at ang propesiyang nakalakip dito (Dan 2:28). Walang hindi nalalaman si Solomon noong bisitahin siya ng Reyna ng Sheba. Nag-uumpapaw sa kanya ang Espiritu na *hindi pa man* naitatanong ng reyna ang mga katanungan sa kanyang puso ay naisaysay na sa kanya ito (I Mga Hari 10:3). Si Eliseo man ay nabanggit na niya sa Hari ng Israel ang lahat na plano ng Hari ng Siria, kahit pa 'yung mga pinakatatagong lihim na sinalita nito sa silid-tulugan (II Mga Hari 6:12).

Maging sa pamamagitan ng Kanyang mga sariling gawa, malimit na ipinakikita ng Panginoong Jesus na ang Espiritung iyon ng pagtalos sa nilalaman ng puso't isip ay ang Espiritu ni Cristo. Natalos niya ang pagkatao ni Natanael nung sabihin Niyang, "Narito ang isang tunay na Israelita, na sa kanya'y walang daya!" At nabanggit din ni Jesus kay Natanael kung nasaan siya noong ipamalita sa kanya ni Felipe ang tungkol sa Mesiyas (Juan 1:48). Noong masaksihan ni Natanael na natalos ni Jesus ang nilalaman ng kanyang puso, agad niyang napagkilalang Siya ang Cristo. Noong unang beses na makita ni Jesus si Pedro, sinabi Niya sa kanya ang pangalan ng kanyang tatay, na si Jonas (Juan 1:42). Kaya naman iniwan ni Pedro ang lahat-lahat at sumunod kay Jesus nang buong buhay niya. Nakasalamuha rin ni Jesus ang isang Samaritana sa tabi ng balon at binanggit sa babae ang kanyang mga nagawang kasalanan sa nakaraan. Kaya naman ang unang lumabas sa kanyang bibig, "Ginoo, napaghalata kong ikaw ay isang propeta" (Juan 4:19). Ang tatlong ito na nabanggit ay may iba't ibang katayuan sa buhay, subalit kanilang napagkilala



kung sino si Jesus pagkatapos niyang ipamalas sa kanila ang kaloob na iyon ng pagtalos sa nilalaman ng puso't isip.

Naglaho na nga ba ang kaloob na ito matapos na maisulat ang pinakahuling pahina ng Biblia? Kung ang mga himalang ito'y lantarang nakasulat sa Biblia, nasaan na kaya ito sa panahon natin ngayon? Dapat lamang na pinagtitibay rin ng gayong himala ang isang propeta para sa makabagong-panahon.

**Nakalimutan na ba ng Diyos ang Kanyang bayan? Nagagawa pa rin ba Niyang magpagaling ng mga maysakit? Nangungusap pa rin ba siya sa atin sa pamamagitan ng mga propeta? Mayroon bang propeta noong panahong una na natanaw na ang kasalukuyang panahong ito?**

**May mga propesiya pa bang kailangang magkaroon ng katuparan?**

# ANG PANGAKONG PROPETA NG HULING MGA ARAW

Nag-iwan ang pinakahuling talatang naisulat sa Lumang Tipan ng ganitong pangako: **“Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng PANGINOON: At kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka ako’y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.”** (Mal 4:5-6)

Paparing pa lang ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon, kaya nararapat lamang na masigasig nating hanapin ang propeta Elias. Sa Biblia, hindi pumupunta ang mga propeta sa mga sikat at kinamulang organisasyong pang-relihiyon. Pumupunta sila sa piling kakaunti. Isipin n’yo na lang kung dumating ang propeta ng Malakias 4, at siya ay napalampas. Paano kung katulad niya ang mga propeta ng sinaunang panahon, at ilang mga tao lamang ang nakakilala sa kanya? Kung parating nga ang propetang ito sa huling kapanahunang ito, paano natin siya makikilala? Ang sagot ay lantarang masusumpungan sa Mga Kasulatan. Nasa kanya ang kalikasan ng isang propeta. Matatalos niya ang pinakatatagong lihim ng puso. Magpapamalas siya ng mga himala. Susubukan siyang siraan ng mga organisasyong pang-relihiyon. Subalit may kakaunting hinirang na makakilala sa kanya na siya nga ang ipinangakong mensahero ng kapanahunan.

**Paano natin malalaman kung dumating na ba ang Elias? Anong taglay-taglay niyang katangian ang ipamamalas niya nang sa gayo’y makilala natin siya?**

Si Elias ay isang taong mahilig sa ilang. Nakasunod ang mga dakilang tanda at kababalaghan sa kanyang pagmi-ministryo. Nangaral siya laban sa kasamaan ng kanyang panahon. Pinagtuunan niya ng pansin ang pangangaral laban sa imoralidad ni Reyna Jezebel. Noong kunin si Elias paakyat ng Langit sakay ng isang karwaheng nag-aapoy, naisalin ang kanyang espiritu kay Eliseo. Kaya naman pinagkalooban ng mga dakilang tanda at kababalaghan ang pagmi-ministryo ni Eliseo, at maging siya'y nangaral laban sa pagsalangsang ng sanlibutan. Ang dalawang propetang ito'y nanindigang mag-isa laban sa mga organisasyong pang-relihiyon ng kapanahunang iyon. Daan-daang taon ang lumipas, ang siya ring espiritung nasa kanila'y nagbalik sa lupa sa katauhan ni Juan Bautista. Nakita na bago pa mangyari ng propeta Malakias na magbabalik si Elias upang ipakilala ang Panginoon: *“Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya’y maghahanda ng daan sa harap ko...”* (Malakias 3:1). Saktong-sakto ang propesiyang ito sa katauhan ni Juan Bautista nang hikayatin niyang magsipagsisi ang mga anak ng Diyos sa nagawa nilang pagkakasala. Gaya ni Elias, nangaral siya laban sa hari at mga organisasyong pang-relihiyon ng kanyang panahon. Pinatotohanan din ng Panginoong Jesus sa Aklat ni Mateo (11:10) na si Juan Bautista nga ang propeta ng Malakias 3: *“Ito yaong tungkol sa kanya, na nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, na maghahanda ng iyong daan sa unahan mo.”* Binabanggit sa Lucas 1:17 na ang espiritu ni Elias (ang Elias) ay naroon nga kay Juan Bautista, *“At siya’y lalakad sa unahan ng kanyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak.”* Pero pansinin n’yo na ang ikalawang bahagi ng Malakias 4 ay kailangan pang magkaroon ng katuparan: *“...at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka ako’y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.”* Ang bahaging iyon ng Kasulatan ay magkakaroon pa lamang ng katuparan bago ang Ikalawang Pagbabalik ni Cristo.

**Dalawang libong taon ang nagdaan mula noong narito si Juan Bautista, napapanahon na nga na ang espiritu ni Elias ay magbalik sa lupa.**

Dumating na ang araw na 'yan! Sa kapanahunang ito, nasaksihan naming nagbalik na nga ang espiritu ni Elias. Kinalaban niya ang makabagong sistemang maka-denominasyon. Nanindigan siyang mariin laban sa pagsalansang ng sanlibutan. Nagpamalas siya ng hindi mabilang-bilang na mga tanda at kababalaghan. Ipinangaral niya ang Biblia sa pamamagitan ng pagtugaygay sa bawat salitang nakasulat doon mula Genesis hanggang Apocalipsis. Dumating na nga ang propeta ng Malakias 4 gaya ng nakasaad sa propesiya, at dala-dala nga niya ang isang Mensahe mula sa Luklukan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ang pangalan ng propetang ito'y **William Marrion Branham**. Ang tawag namin sa kanya'y "Kapatid na Branham."

"Si William Branham, na aking pinakamamahal at pinaniniwalaang isang propeta ng Diyos." Oral Roberts, isang ebangelistang kilala sa buong mundo at ang nagtatag ng Oral Roberts University.

"Dumating sa buhay natin si William Branham bilang propeta ng Diyos at ipinakita niya sa atin dito sa ika-dalawampung siglo nang saktong-sakto ang siya ring mga bagay na nakikita nating nakasulat sa Mga Ebanghelyo.... Dinalaw na nga ng Diyos ang Kanyang bayan, sapagkat isang dakilang propeta ang lumitaw sa kalagitnaan natin." Dr. T.L. Osborn, isang ebanghelistang Pentecostal at matagumpay na manunulat.

"Bago niya ipanalangin ang isang tao, babanggitin niya muna nang saktong-sakto ang mga bagay-bagay tungkol sa karamdaman ng naturang tao, at maging mga bagay-bagay tungkol sa personal nilang buhay – pinanggalingan nilang bayan, pinagkaka-abalahan, mga ginagawa –

maging mga bagay-bagay mula pa noong sila'y musmos. Ni minsan ay hindi nagkamali si Branham sa pagtalos ng mga bagay-bagay sa buong panahong nakasama ko siya. At kung makailang beses 'yan, sa nasaksihan ko pa lang, libo-libong pagkakataon na po." Ern Baxter, isang ebanghelista, tagapangasiwa para sa Branham Campaigns sa loob ng pitong taon, at isa sa mga kauna-unahang lider ng British New Church Movement.

Hindi pa kailanman nangyari magmula nung lumakad sa lupa ang Panginoong Jesus Cristo na pupukawin ng isang tao ang sanlibutan sa ganitong kadakilang paraan. Mula sa simpleng simula sa isang cabin na iisa lang ang kuwarto doon sa bulubundukin ng Kentucky, hanggang sa Amarillo, Texas noong kunin na siya ng Panginoon sa Tahanan sa langit, ang kanyang buhay ay tuluy-tuloy na napapalooban ng napakaraming sobrenatural na kaganapan. Sa pangunguna ng Anghel ng Panginoon noong 1946, lumikha ang pagmimistryo ni Kapatid na Branham ng isang maliit na ningas na lumaki at nagpaumpisa ng isang panahon ng dakilang rebaybal ng pagpapagaling na kumalat sa buong Amerika at buong mundo. Hanggang sa araw na ito, kinikilala siya ng maraming mananalaysay ng kasaysayang Cristianismo bilang "ama" at "nagpaumpisa" ng rebaybal ng pagpapagaling nung 1950's na nagpabago sa Iglesia Pentecostal at tuluyang nagbigay daan sa pagkakaroon ng gawaing Charismatic, na sa kasalukuyang panahon ay makikita ang impluwensya sa halos lahat ng denominasyong Protestante. Gayunpaman, sa likod ng lahat ng ito, hindi pinaniniwalaan ng mga denominasyon ang kanyang mga turo't aral at hindi rin nila pinaniniwalaan ang kanyang pagkakasugo.

Saan man siya magtungo, pinatutunayan ng Diyos na si Kapatid na Branham ay ang propeta ng henerasyong ito. Gaya ni Job, nangusap ang Panginoon sa kanya sa pamamagitan ng isang ipo-ipo. Gaya ni Moises, nasaksihan ng mga taong pinangungunahan siya ng Haliging Apoy.

Gaya ni Micaya, pinag-initan siya ng mga matataas na lider ng simbahan. Gaya ni Elias, isa siyang taong mahilig sa ilang. Gaya ni Jeremias, isinugo siya ng isang Anghel. Gaya ni Daniel, nagkaroon siya ng pangitain patungkol sa hinaharap. Gaya ng Panginoong Jesus, natalos niya ang pinakatatagong lihim ng puso. At gaya ni Pablo, pinagaling niya ang mga maysakit.

Muling dinalaw ng Panginoon ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng isang propeta. Sa pinakamadilim na oras sa kasaysayan, kung saan lubog na lubog na ang moralidad na wala pang ganitong kalalang panahon kailanman at ang mga sandatang nakalaan sa malawakang paglipol ng mundo ay nagbabadya't abot-tanaw na sa di-kalayuan, isang simpleng lalaki ang sinugo mula sa presensya ng Diyos upang hikayatin ang naghihinalong lipi ng sangkatauhan sa pagsisisi.

Ganito ang isinulat ng minamahal na disipulong Juan patungkol sa Panginoong Jesus:

*At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanlibutan ay hindi magkakasya ang mga aklat na susulatin. Amen. (Juan 21:25)*

Maaaring gayundin ang masasabi natin patungkol sa buhay ni Kapatid na Branham. Hihigit sa 1,200 ang pangangaral niyang nai-rekord sa teyp na naglalaman ng libo-libong mga kuwento patungkol sa buhay ng magiting na lalaking ito. Maging sa ngayon ay patuloy pa rin tayong makaririnig ng mga bagong patotoo patungkol sa kanyang impluwensya sa buhay ng milyun-milyong katao. Hindi nga kakayaning isalarawan nang lubos ng munting aklat na ito ang napakalaking impluwensya ng taong ito ng Diyos sa sankatauhan.

# ANG SIMULA

“Noong ipinanganak ako dun sa mumunting cabin sa Kentucky, dumating ang Anghel ng Panginoon sa bintana at naglumagi roon. Hayan nga ang isang Haliging Apoy.”

Nagsimula na noong sumilip ang pagbubukang-liwayway sa siwang ng madilim na kalangitan ng maginaw na buwan ng Abril. Ang nag-iisang, kahoy na bintana’y itinaas upang papasukin ang liwanag ng umaga sa loob ng mumunting cabin diretso sa nag-iisa nitong kuwarto. Isang ibong robin ang nakadapo sa tabi ng bintana at tila ba tuwang-tuwa ito sa umagang iyon habang humuhuni ito nang malakas sa abot ng kanyang makakaya. Sa loob ng cabin, nakapamulsa sa kanyang bagong pares ng overall ang batang-batang Charles Branham at kanyang pinagmamasdan ang 15 anyos niyang maybahay na nakahiga sa kama nang mga oras na iyon. “Papangalanan natin siyang William,” sabi ng tatay.

Pumasok ang isang sobrenatural na Liwanag mula sa bintana. Pumalaot ang Liwanag na iyon sa palibot ng kuwarto at pumailanlang sa ibabaw ng kama kung saan kasisilang pa lang ng isang sanggol. Ito rin ang siya ring Liwanag na naglabas noon sa mga anak na Hebreo mula sa Egipto. Yun din ang siya ring Liwanag na sumalubong kay Pablo habang papunta siya noon sa Damasco. At sa paglipas ng taon ay gagabayan Nito ang mumunting sanggol na iyon sa pagtawag niya sa mga Nobya ni Cristo palabas mula sa sanlibutan. Ang Liwanag na iyon ay walang iba kundi ang Anghel ng Panginoon, and Haliging Apoy; at muli na naman Itong nagpakita sa sangkatauhan.

At doon, sa mumunting kahoy na cabin na iyon, nang umagang iyon ng ika-6 ng Abril, binuksan ng kumadrona ang bintana para pumasok ang liwanag at para maaninag nila Nanay at Tatay ang aking



Ang lugar ng kapanganakan ni William Branham, Burkesville, KY.

itsura. Pagkatapos nun ay isang Liwanag na marahil kasing-laki ng isang unan ang nagpaikot-ikot sa may bintana. Pinalibutan ako nito, at pumailanlang sa kama. Mailan-ilang kapitbahay namin doon sa bundok ang nakatayo roon nang mga oras na iyon. Lahat sila'y napahagulgol.

Ang simpleng tahanan na iyon ay naroon sa bulubundukin ng katimugang Kentucky, malapit sa maliit na bayan ng Burkesville. Ang petsa ay Abril 6, 1909. Panganay ang sanggol na ito sa sampung anak ni Charles at Ella Branham.

Hindi nagtagal ay binisita muli ng Anghel ng Panginoon ang batang si William Branham.

Noong musmos pa lang siya, nangusap na sa kanya ang Anghel bago pa man maganap ang isang bagay, sinasabi sa kanyang maninirahan siya malapit sa isang siyudad na kung tawagin ay New Albany. Nagtatakbo siya pauwi at sinabi sa kanyang nanay kung anong nangyari. Gaya ng sinumang nanay, hindi niya masyadong pinagtuunan ng pansin ang kuwento at pinahiga na lamang siya sa kama para maibsan ang kanyang takot. Dalawang taon ang lumipas, lumipat ang kanyang pamilya sa Jeffersonville, Indiana, na ilang milya lang ang layo mula sa New Albany na isang siyudad sa katimugang Indiana.



Nangusap muli ang Anghel sa batang propeta makaraan ang ilang taon. Tahimik na araw 'yun noon sa buwan ng Setyembre at ang mainit na araw ay sumisinag sa makukulay na dahon ng taglagas. Paika-ika noon ang batang lalaki habang bitbit-bitbit niya ang dalawang timbang tubig pauwi sa kanila. Suot-suot niya noon ang isang pirasong busal ng mais na nakatali sa ilalim ng kanyang sugatang hinlalaki sa paa para hindi ito pasukan ng alikabok. Naupo siya noon sa ilalim ng lilim ng mataas na puno ng poplar. Napapaluha na lang siya habang iniisip niya na kaawa-awa naman siya: Kasalukuyan kasing nagkakasiyahan noon ang kanyang mga kaibigan sa isang maliit na palaisdaan sa malapit, at siya nama'y hindi naisama dahil pinag-iigib siya ng tubig ng kanyang tatay. Pagkatapos, biglang may hanging nagpaikot-ikot sa puno sa ulunan niya. Pinunasan niya ang kanyang luha at tumayo. Nakarinig siya ng kaluskos ng mga dahong tinatangay ng hangin... subalit wala namang hangin. Tumingala siya, at sa ibabaw ng puno ng poplar sa may bandang gitna nito, may kung anong bagay na nagpapakaluskos sa mga tuyong dahon.

Bigla na lang may Tinig na nagsalita, "Huwag kang iinom ng alak o maninigarilyo o dudungisan ang iyong katawan sa kahit anumang paraan, sapagkat may nakalaan sa iyong gampanin na iyong gagawin sa iyong pagtanda." Nailaglag na lamang ng takot na takot na pitong-taong-gulang na batang lalaking ito ang kanyang mga timba at kumaripas ng takbo sa kanyang nanay.

### **Gaya ni propeta Samuel, nangusap muli ang Diyos sa isang paslit.**

Ilang linggo lang pagkatapos nun, nakikipaglaro siya sa kanyang nakababatang kapatid ng holen. Isang hindi maipaliwanag na pakiramdam ang lumukob sa kanya. Napatnaw siya sa Ilog ng Ohio at may nakita siya roong napakagandang tulay. Labing-anim na lalaki ang nahulog

sa kanilang kamatayan habang itinatayo ang isang tulay sa kalaparan ng ilog. Heto na't nakita ng batang propeta ang pinakauna niyang pangitain. Sinabi niya ito sa kanyang nanay, at isinulat ng nanay niya ang kanyang salaysay. Taon ang binilang, 16 na kalalakihan ang nahulog sa kanilang kamatayan habang itinatayo ang tulay ng Second Street sa Louisville, Kentucky sa ibabaw ng Ilog ng Ohio.

**Nagpapakita sa kanya ang Diyos ng mga pangitain ng hinaharap. At gaya ng mga propetang nauna sa kanya, hindi nagkakamali ang mga pangitain.**

# MGA TAON NG KABATAAN

Sa buong buhay niya, gustong-gusto talaga ni Kapatid na Branham na mamalagi sa ilang. Sa edad na 18, lumuwas siya ng Indiana para mamalagi sa baku-bakong bulubundukin sa kanluran. Hindi nga lang nagtagal ang kanyang pamamalagi sa Arizona hanggang sa mapilitan siyang umuwi.

Isang araw nasabi ko sa sarili kong heto na nakahanap na ako ng paraan para matakasan ko ang pagkatawag sa akin. Papunta ako noon sa kanluran para makapagtrabaho sa isang rantso. Kaibigan, sadyang napakadakila ng Panginoon sa dakong iyon kagaya rin naman kung papanong Siya'y napakadakila saan mang dako. Nawa'y may mapulot kayong aral sa aking karanasan. Kung kayo'y tawagin Niya, inyo Siyang tugunin.

Isang umaga sa buwan ng Setyembre taong 1927, nagpaalam ako sa nanay na luluwas lang ako para sa isang camping trip sa Tunnel Mill, na mga labing-apat na milya ang layo mula sa Jeffersonville kung saan kami nakatira ng mga panahong iyon. Napagplanuhan ko ng lumuwas patungong Arizona kasama ang ilang kaibigan. Nang makarinig muli ng balita ang nanay mula sa akin, wala na ako noon sa Tunnel Mill dahil nasa Phoenix, Arizona na ako nun, tinatakasan ang Diyos ng Pag-ibig. Napakainam ng buhay sa rantso nung una, pero nawawala na 'yung pananabik ko rito kinalaunan, gaya ng anupamang luho sa mundo na madaling maparam. Pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo rito, Purihin ang Diyos, na ang karanasan sa piling ni Jesus ay patamis nang patamis sa paglaon ng panahon at hindi naluluma. Laging nagkakaloob si Jesus ng ganap na kapayapaan at kalakasan.

Maraming beses na nauulinigan kong umiihip ang hangin sa nagtataasang mga puno ng pino. Para bang naririnig ko ang Kanyang Tinig na tumatawag palayo sa gubat, nagsasabing, "Adan, nasaan ka naroon?" Ang mga bituwin doon ay para bang napakalapit na kung maaari nga'y mapipitas mo sila gamit lang ang iyong kamay. Para nga bang napakalapit talaga ng Diyos.

Isang bagay na kapansin-pansin dito sa probinsya ay yaong mga kalsada sa disyerto. Kung mapalayo ka kasi sa mga kalsadang ito, maaari kang maligaw na lang basta-basta. Maraming beses na may mga dayong napapalayo sa kalsada para mamitas ng mga mumunting bulaklak doon sa disyerto. Kung saan-saan sila napapadpad sa disyerto at kaya naman naliligaw sila at magkaminsan pa nga'y namamatay sa uhaw. Gayun din sa pagiging Cristiano – may lansangan ang Diyos. Binabanggit Niya ito sa Isaias, ika-35 kabanata. "Daan ng Kabanalan" ang tawag dito. Maraming beses na hahatakin ka ng mga mumunting kalayawan ng sanlibutan palayo sa lansangang 'yan. Dahil diyan mawawaglit mo ang karanasan mo sa Diyos. Doon nga sa disyerto kung hindi mo na makita ang daan mo pauwi, mamamalik-mata ka kung minsan. Sa mga taong malapit nang mamatay dahil sa uhaw, aakalain nilang nakakakita sila ng isang ilog o isang lawa. Maraming beses na magkakandarapa ang mga taong ito roon at sasalampak doon at matutuklasan nilang lumalangoy-langoy lang pala sila sa mainit na buhanginan. Minsan pakikitaan ka ng diyablo ng isang bagay at sasabihin niyang nakawiwili raw nun. Malik-mata lang po ito, isa 'yung bagay na hindi totoo. Kung mananatili ka at patuloy na makikinig dun malalaman mo na lang sa huli na nag-iipon ka lang ng santambak na kahipasan sa iyong isip. Kaya huwag kang makinig sa diyablo, minamahal kong mambabasa. Manampalataya ka kay Jesus na siyang nakapagbibigay sa iyo ng tubig ng buhay na nakalaan para sa mga nagugutom at nauuhaw.

Isang araw ay nakatangap ako ng liham mula sa pamilya ko at ang sabi dun malubha na raw ang karamdaman ng isa sa aking mga kapatid na lalaki. Malubha na raw si Edward, 'yung kapatid kong sumunod sa akin. Nung una inakala ko lang na hindi siya ganoong kalubha, kaya naniniwala akong magiging ayos lang ang lahat. Ngunit isang gabi at ilang araw lang ang lumipas mula nun at kababalik ko lang din mula sa siyudad at napadaan ako sa kainan namin dun sa rantso, may nakita akong kapirasong papel sa ibabaw ng mesa. Kinuha ko 'yun. Ang sabi dun, "Bill, pumunta ka rito sa pastulan sa itaas. Napaka importante lang." Pagkatapos kong mabasa ang sulat ay lumakad na ako kasama ang isang kaibigan patungo dun sa pastulan. Ang unang taong nasumpungan ko roon ay isang matanda nang tanod sa bayan na Mataas ang Katungkulan na nagtrabaho noon sa rantso. Durfy ang pangalan niya, pero "Pop" ang tawag namin sa kanya. Malungkot ang kanyang mukha habang sinasabi niya sa aking, "Billy iho, may masama akong balita sa'yo." Nang mga sandaling iyon palapit sa akin ang aming bisor. Sinabi nila sa aking may telegramang dumating para sa akin, at nakasaad dun na namatay na ang aking kapatid.

Mahal kong kaibigan, mahabang sandali rin akong hindi nakagalaw nang mga oras na iyon. Yun ang pinakaunang kamatayan sa aming pamilya. Pero gusto kong sabihin sa iyo na ang unang pumasok sa isip ko ay kung handa na ba siyang mamatay. Nung tumalikod ako at tumanaw sa manilaw-nilaw na kaparangan, gumuhit ang luha sa aking mga pisngi. Bumalik sa akin ang mga alaala nung kami'y mga paslit pa lang at hirap na rin talaga ang buhay nun at tinitis naming lahat iyon nang magkasama.

Sa pagpasok nga namin sa paaralan halos hindi sumasapat sa amin ang aming baon. Umuusli pa sa sapatos ang mga daliri namin sa paa at 'yung mga pinaglumaang balabal na ipinasusuot sa amin

ay dapat naman talagang hanggang laeg ang pagkakasara dahil wala kaming kamiseta sa loob. Bumalik din sa alaala ko 'yung nung minsan popcorn na nakalagay sa maliit na tabo ang pinabaong tanghalian ni Nanay para sa aming dalawa. Hindi kami sumasalo sa pagkain kasama ng iba pang mga bata. Hindi namin kasi kayang bilhin ang pagkaing meron sila. Kaya dun kami sa tagong dalisdis pumapanhik at doon kami kumakain. Naalala ko nga 'yung araw na popcorn ang baon namin, at talagang kapuwa namin iniisip na napaka-espesyal na nun para sa amin. Kaya para makasiguradong hindi ako malalamangan sa hatian, maaga akong nagtanghalian at inihiwalay ko na ang parte ko bago pa man ako saluhan ng aking kapatid.

Ngayon habang nakatayo ako roon at nakatanaw sa kaparangang pinaninilaw ng araw bumalik sa alaala ko ang lahat ng mga iyon at naisip kong dinala kaya siya ng Diyos sa isang mas mainam na dako. Pagkatapos nun tinawag muli ako ng Diyos, pero gaya ng dati, sinubukan ko uling takasan 'yun.

Lumuwas ako para makadalo sa kanyang libing. Noong nangaral si Rev. McKinny ng Iglesya ng Port Fulton, isang lalaking para na rin naming tatay, noong mangaral siya sa libing ng kapatid ko nabanggit niya na, "Kung mayroon mang narito na hindi pa nakakakilala sa Diyos, kung mayroon man, kanilang tanggapin na Siya ngayon din." Oh ang tindi ng pagkapit ko nun sa aking upuan, dahil tumatawag muli ang Diyos. Mahal kong mambabasa, kung Siya'y tatawag, iyo Siyang tugunin.

Hinding-hindi mawawaglit sa isip ko ang pagdadalamhati ng kaawa-awa kong Tatay at Nanay pagkatapos ng libing. Gusto ko na noon sanang bumalik sa Kanluran pero pinakiusapan ako ng Nanay na manatili na lamang ako at napapayag niya akong manatili kung makahanap ako sa amin ng trabaho. Nakahanap din naman ako ng trabaho doon sa Public Service Company ng Indiana.

Makalipas ang dalawang taon habang sinusubukan namin kung gumagana nang maayos ang mga metro sa isang pagawaan ng metro sa Gas Works doon sa New Albany, nakalanghap ako ng gas at ilang linggo akong pinahirapan nun. Nagpunta ako sa lahat ng mga kakilala kong doktor. Hindi pa rin naibsan ang sakit na nagpapahirap sa akin. Malubha ang pangangasim ng tiyan ko, na nakuha ko roon sa nalanghap kong gas. Mas lalo pa 'yung lumubha. Dinala na ako sa mga espesyalista sa Louisville, Kentucky. Napag-alaman nilang 'yung apendiks ko pala 'yun at minungkahi nilang kailangan kong maoperahan. Hindi ako makapaniwala dahil hindi naman sumasakit ang aking tagiliran. Sinabi ng mga doktor na tanging opera na lang ang magagawa nila sa akin. Sumang-ayon na rin ako pero pinilit ko silang 'yung bahagi lang na appektado ang turukan ng pampamanhid para hindi ako makatulog at mapanood ko ang pago-opera sa akin.



Oh, gusto kong may tatayo noon sa tabi kong nakakakilala sa Diyos. Naniniwala ako sa panalangin pero hindi ako makapanalangin. Kaya naman sinamahan ako ng isang ministro mula sa Iglesya ng First Baptist doon sa silid kung saan ako ooperahan.

Noong matapos na at inilipat na ako pabalik sa higaan ko, pakiramdam ko'y pahina ako nang pahina. Halos hindi tumitibok ang puso ko. Parang mamamata'y na ako. Unti-unting tumitigil ang aking paghinga. Alam kong katapusan ko na 'yun. Oh kaibigan hintayin mo lang na maranasan mo rin kahit minsan ang bagay na iyon, at maisip mo ang

mga kung anu-anong bagay na nagawa mo. Alam ko sa sarili kong hindi ako kailanman nanigarilyo, uminom man ng alak o may kung anong masamang bisyo pero nalalaman ko ring hindi pa ako handang humarap sa aking Diyos.

Kaibigan kung ika'y isang malamig at pormal na miyembro ng simbahan, malalaman mo kapag narating mo na ang hangganan mo na hindi ka pa talaga handa. Kaya kung hanggang ganyan lang ang pagkakakilala mo sa Diyos, nagsusumamo ako sa'yo na diyan mismo sa kinalalagyan mo lumuhod ka at hilingin kay Jesus na pagkalooban ka ng karanasang maipanganak na muli, gaya ng sinabi Niya kay Nicodemo sa ika-3 kabanata ng Juan, at oh tiyak na magbubunyi ang mga kampanilya ng kagalakan. Purihin ang Kanyang Pangalan.

Dumidilim na nun nang dumidilim sa loob ng silid ng ospital, gaya ng pagkagat ng dilim sa masukal na kagubatan. Nauulinigan kong may hanging kumakaluskos sa mga dahon, ngunit tila napakalayo nito sa tunog sa gubat. Marahil ay nakarinig na kayo ng ihip ng hanging kumakaluskos sa mga dahon, at palapit ito nang palapit sa'yo. Naisip ko, "Buena, ang kamatayan na 'yan na paparating para kunin na ako." Oh! Katatagpuin na ng kaluluwa ko ang Diyos, at sinubukan kong manalangin ngunit hindi ako makapanalangin.

Papalapit na nang papalapit ang hangin, palakas nang palakas. Kumaluskos ang mga dahon at bigla-bigla na lang, nawalan ako ng malay.

Ngayon tila ba bumalik ako sa pagiging isang paslit, nakayapak ako at nakatayo sa ilalim ng punongkahoy na iyon. Narinig ko uli ang siya ring Tinig na nagsabing, "Huwag kang iinom ng alak o manigarilyo." At maging ang mga dahong narinig ko ay 'yung mga dahon din na kumaluskos sa punongkahoy na iyon noong araw na iyon.

Subalit sa pagkakataong ito ang sabi ng Tinig, "Tinawag kita ngunit hindi ka naman nagpapasugo." Naulit 'yun nang tatlong beses.



Pagkatapos ay sumagot ako, "Panginoon, kung Ikaw nga 'yan, pahintulutan mo akong makabalik sa lupa at aking ipangangaral ang Iyong Ebanghelyo mula sa mga bubungan ng bahay at maging sa mga panulukan ng mga lansangan. Ipangangaral ko 'yun kaninuman!"

Nang matapos ang pangitaing ito, heto ako't malakas na ang katawan. Ang doktor na tumitingin sa akin ay naroon pa rin sa loob ng gusali. Pinuntahan niya ako at sinaysat at nabigla. Tiningnan niya ako na tila ba inaasahan niyang patay na dapat ako, tapos ang sabi niya, "Hindi ako pala-simba, mainam naman akong doktor, pero nasisigurado kong dinalaw ng Diyos ang binatang ito." Kung bakit niya nasabi 'yun, hindi ko po alam. Wala namang nagsasabi ng gayong mga bagay sa akin noon. Kung dati'y alam ko na itong mga bagay na nalalaman ko ngayon, aba'y babangon ako sa higaang iyon at magbubunyi ng Papuri sa Kanyang Pangalan.

Makalipas ang ilang araw pinayagan na akong makauwi gayong may kaunting iniinda pa rin ako at binilinan pa ngang magsuot lagi ng salamin dahil may panlalabo na ang aking mga mata. Nakararamdam nga ako ng pagkahilo kapag matagal akong nakatingin sa isang bagay.

Sinimulan kong pagtuunan ng pansin at hanapin ang Diyos. Dumalo ako sa iba't ibang simbahan, nagbabaka-sakaling makahanap ng lugar kung saan may makaluma silang pagdulog sa altar. Ang nakalulungkot ay wala akong makitang may ganoon.

Sinabi ko na kung ako nga'y magiging isang Cristiano, sisiguraduhin kong isa nga ako. Ang sabi tuloy sa akin ng isang ministrong nakarinig sa akin, "Naku Bily iho, mapupunta ka niyan sa pagiging panatiko." Ang sabi ko kasi kung magkaka-relihiyon din lang naman ako, gusto ko 'yung damang-dama kong mayroon nga talaga ako, gaya ng naranasan ng mga disipulo.

Oh purihin ang Kanyang Pangalan. Nakakamit din ako ng relihiyon at nasa akin pa rin ito mapasahanggang ngayon, at sa pamamagitan ng Kanyang tulong, hindi ko na ito kailanman iwawaglit.

Isang gabi nakaramdam ako ng pagkauhaw sa Diyos at sa tunay na karanasan at dahil diyan nagtungo ako roon sa lumang silungan sa likod-bahay at sinikap kong manalangin. Hindi pa ako noon marunong manalangin kaya simpleng kinausap ko Siya gaya ng paano ako makipag-usap sa sinumang tao. Bigla-bigla na lang lumitaw ang isang Liwanag doon sa silungan at naghugis krus ito at isang Tinig na nanggagaling dun sa krus ang nagsalita sa akin sa wikang hindi ko maintindihan. Pagkatapos nawala Ito. Para rin akong nawala sa sarili sa pagkagulat ko. Nung nawala na 'yung pagkagulat ko nanalangin ako, "Panginoon kung Ikaw nga 'yun, pahintulutan mong pumarito Ka uli at kausapin ako." Nagbabasa-basa na rin ako ng Biblia mula nung inilabas ako sa ospital at nabasa ko nga roon sa I Juan 4, "Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu kung sila'y sa Diyos."

Sigurado akong espiritu nga 'yung nagpakita sa akin at nung nanalangin ako lumitaw itong muli. Pagkatapos ay para bang naibsan nang isang libong libra ang bigat doon sa kaloob-looban ko. Tumindig akong mabilis at tumakbo pabalik sa bahay na animo'y tumatakbo ako sa hangin.

Nagtanong tuloy si Nanay, "Bill, ano bang nangyari sa'yo?" Sagot ko, "Hindi ko po alam pero nasisigurado kong bumuti at gumaan ang pakiramdam ko." Hindi na ako noon mapakali sa loob ng bahay. Kinakailangan kong lumabas at magtatakbo.

Noong mga oras na 'yun alam kong kung gusto ng Diyos na mangaral ako, pagagalangin Niya ako. Agad akong nagtungo sa isang iglesyang naniniwala sa pagpapahid ng langis at agad-agad akong gumaling. Noon din ay napagtanto kong may kaloob

na bagay ang mga disipulo na wala ang karamihan sa mga ministro ng panahon ngayon. Ang mga disipulo noong araw ay nabautismuhan ng Banal na Espiritu at nakapagpapagaling ng mga may sakit at nakapagpapamalas ng mga himala sa Kanyang Pangalan. Kaya naman nanalangin akong makamit ko nawa ang Banal na Espiritu at makamit ko nga ito.

Isang araw mga anim na buwan ang lumipas, inilagay ng Diyos ang inaasam ng puso ko. Nangusap Siya sa akin mula sa isang napakalaking Liwanag, at sinabi sa aking humayo ako't mangaral at ipagpanalangin ko ang mga may sakit at Kanya silang pagagalingin kahit ano pang karamdaman ang mayroon sila. Kaya nagsimula akong mangaral at sundin ang sinabi Niya sa akin. Oh kaibigan, hindi ko alam kung paano ko uumpisahan ang lahat ng mga nangyari pagkatapos: Nagsidilat ang mga mata ng mga bulag. Nagsilakad ang mga lumpo. Nagsigaling ang mga kanser, at napakarami pang himala ang naganap.



Isang araw sa panulukan ng Spring Street, Jeffersonville, Indiana, matapos ang dalawang linggong rebaybal, nagbautismo ako noon ng 130 katao. Agosto noon at napakainit at may 3,000 ang nagsidalo. Kasalukuyang

babautismuhan ko na ang ika-17 tao nang bigla ko uling narinig 'yung marahang, bulong na Tinig na iyon at ang sabi, "Tumingala ka." Mala-tanso ang kulay ng kalangitan nung mainit na araw na iyon ng Agosto. Hindi pa nun umuulan at magtatatlong linggo na. Narinig ko uli 'yung Tinig, at muli sa ikatlong pagkakataon nagsabi ito, "Tumingala ka."

Tumingala ako at may isang malaki't napakaliwanag na bituwin ang lumitaw sa langit, at maraming beses ko na itong nakita noon pero hindi ko lang sa inyo naikukuwento. Pero maraming beses ko na itong naikuwento sa iba at nagtatawa lang sila at sinasabi pa, "Bill, guni-guni mo lang 'yun. O kaya naman nananaginip ka lang." Subalit purihin ang Diyos, dahil nung mga sandaling iyon ipinakita Niya ang Kanyang Sarili sa lahat, at sadyang napakalapit nito sa akin na hindi ako makapagsalita. Makalipas ang ilang segundo napahiyaw ako at karamihan sa mga naroon ay napatingala at nakita ang bituwin sa ulunan ko. Nahimata'y ang iba habang ang iba'y napabulalas sa takot at ang iba sa kanila'y nagsitakbuhang palayo. Pagkatapos ay pumailanlang muli ang bituwin sa langit at 'yung lugar kung saan ito lumitaw kanina ay nasa labing-limang talampakang kwadrado at patuloy ang paggalaw ng tubig dito na tila lumulobo ang mga alon. Sa dakong iyon ay namuo ang isang mumunting puting ulap at pumasok sa munting ulap na iyon 'yung bituwin.

### **Gaya ni Juan Bautista, pinagtibay ang propeta sa tubig ng Bautismo.**

Nagpatuloy ang mga pangitain. Sinabihan siya ng mga kaibigan niyang mga ministro sa simbahan na hindi galing sa Diyos ang mga pangitain na 'yun. Sinabihan pa siyang inaalihan siya ng masamang espiritu. Nabagabag siya nang lubos dahil dito. Napakabigat nun para dalhin pa niya, kaya't nagtungo siya sa ilang upang hanapin ang Kalooban

ng Diyos. Ganoon na lamang ang kanyang pagpupursige na nangako siya sa sariling hindi siya babalik hangga't walang kasagutan. At doon nga, sa loob ng isang lumang cabin na tinutuluyan ng mga mangangasong tulad niya, ibinigay ng Anghel ng Diyos ang kanyang pagkasugo. Sa mga sinabi sa kanya, sinabi ng Anghel sa kanya ang ganito: "Kung makuha mo ang loob ng mga taong maniwala sa'yo, at tapat ka sa iyong pananalangin, walang kayang gumiba ng iyong panalangin, kahit pa ang kanser."

**Nawala ang lahat ng kanyang pagaagam-agam. Taglay-taglay na niya ngayon ang isang pagkasugo at matapang niyang tinanggap ito. Nagsimula na ang rebaybal ng pagpapagaling.**

Daan-daan at libo-libo ang dumalo sa mga gawain ni Kapatid na Branham. Libo-libo ang napagaling sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ilang mga ebanghelista gaya nila Oral Roberts, T.L. Osborn, at A.A. Allen ang sumunod din kay Kapatid na Branham at nagpasimula ng kani-kanilang rebaybal ng pagpapagaling. Hindi pa kailanman nangyayari ang ganoong karaming pagpapalang ibinuhos ng Diyos. Hinipo muli ng nagpapagaling na kamay ni Jesus Cristo ang Kanyang bayan.

"Madalas akong napapaluha dahil sa panibagong kaloob ng Diyos sa iglesya sa katauhan ng ating pinakamamahal na kapatid, William Branham, sa kanyang kamanghamanghang kaloob ng pagpapagaling. Ito nga ang Diyos na gumagawa ng lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip (Efeso 3:20), dahil kailanman wala pa akong nakita o nabasang papantay sa pagpapagaling na ministeryo ni William Branham."

Rev. F.F. Bosworth, isang ebanghelistang kilala sa buong mundo at isa sa mga pinakaunang nagtatag ng denominasyong Assemblies Of God at maging ng pangkasalukuyang gawaing Pentecostal.

"Minsan, nasaksihan namin siyang nakikipag-usap sa isang lalaking nakaratay sa isang katre. Nung una hindi

namin mapagtanto kung ano 'yung sinasagot nung lalaki. Tumulong na 'yung misis nito na nakatayo sa tabi, at ang sabi hindi lang daw malapit mamatay sa kanser 'yung asawa niya, hindi pa raw nito maintindihan ang sinasabi sa kanyang dapat niyang gawin dahil bingi siya.

Sabi tuloy ni Kapatid na Branham na nararapat lamang na mapagaling sa pagkabingi 'yung lalaki para naman marinig nito ang dapat niyang gawin para sa kagalingan ng kanyang kanser. Nanalangin sila pansumandali. Bigla na lang nakarinig 'yung lalaki! Grabeng luha ang dumaloy sa mga pisngi nung lalaking kanina pa tulala at walang kaemo-emosyon. Nakinig siya nang buong sigasig habang sinasabi sa kanya ang dapat niyang gawin para mapagaling sa kanser.”

Rev. Gordon Lindsay, isang matagumpay na manunulat, ministro, at tagapagtatag ng Christ For The Nations Institute.

“Sinabi ni Kapatid na Branham, ‘Magaling na ang Kongresista.’ Biglang lumukso ang puso ko. Tumayo ako at tinanggap ang Panginoon bilang aking Tagapagpagaling. Iniwan ko sa isang tabi ang aking mga saklay... at bumukas ang durungawan ng Langit!”

William D. Upshaw, Kongresista ng US (1919-1927), kandidato sa pagkapangulo ng US noong 1932. Lumpo mula nung mabalian ng likod nung bata pa lang. 84 siya noong makatanggap ng ganap na kagalingan sa pamamagitan ng panalangin ni Kapatid na Branham, matapos ang 66 na taon na pagkalumpo. Hindi na niya kinailangan pang gumamit ng silyang de gulong o saklay man sa nalalabi pa niyang panahon sa kanyang buhay.

“Walong taon at siyam na buwan akong nakaratay dahil sa T.B. at wala na raw magagawa pang remedyo sa akin ang mga doktor. Hindi lalampas sa 50 libra ang aking timbang at para nga bang wala na talaga akong kapaga-pagasa. Pagkatapos mula sa Jeffersonville, Indiana, dumating si Rev. WM Branham dahil may nakita siyang pangitain ng

isang munting tupa na nabalahaw sa ilang at umiiyak ng 'Milltown,' kung saan ako nakatira. Hindi pa kailanman nakapupunta si Kapatid na Branham sa lugar namin at wala rin siyang kahit sinong kakilala rito. Sa pagdating niya, ipinatong niya sa akin ang kanyang mga kamay at nanalangin, habang sinasambit sa akin ang Pangalan ng ating pinakamamahal na Panginoong Jesus. May kung anong bagay na humihila sa akin patayo at nung nakatayo na ako'y pinasalamatan ko ang Diyos sa Kanyang kapangyarihang magpagaling. Ako ngayo'y tagapagtugtog ng piyano sa simbahan ng Baptist dito sa amin."

Georgia Carter, ng Milltown Indiana, napagaling sa nakamamatay na T.B. noong 1940 at hindi na kailanman nagkaroon muli ng sakit na 'yun sa kanyang buhay. Isa siya sa laksa-laksang taong napagaling sa pamamagitan ng kanyang pagmi-ministeryo at maging sa mga iba pang napapagaling hanggang sa panahon ngayon.





# ANG HALIGING APOY

Madalas binabanggit ni Kapatid na Branham ang isang Haliging Apoy na nagpapatibay sa kanyang pagministeryo. Naroon Iyon noong ipinanganak siya, nasaksihan rin ng libo-libong naroon noon sa pampang ng Ilog ng Ohio, at tila sinusundan siya saan man siya magpunta. 1950 noon nung magbigay and Diyos sa kapuwa mananampalataya at di-mananampalataya ng hindi mapasisinungalingang katibayang ang Haliging Apoy na ito ay nasa naturang propeta.



Nabalot noon ng kontrobersiya ang gabi sa Sam Houston Coliseum. Pinangungunahan ni Kapatid na Branham ang isang rebaybal ng pagpapagaling na patuloy na lumalaganap sa bansa. Bumubuhos na parang ulan ang pagpapala ng Panginoong Jesus sa ibabaw ng espirituwal na taniman ng trigo. Subalit hindi pinalampas ng kritisismo ang naturang mga dakilang tanda at kababalaghan. Gaya nung unang panahon, nagsugo ang kaaway ng tagahamon. Nagtagpo ang dalawang kapangyarihan na ito sa Houston Texas, at bumaba Mismo ang Anghel ng Panginoon upang makipaglaban sa labanan na iyon.

Libo-libo ang naroon upang saksihan ang di-mabilang na himala na pinamamalas ng taong ito ng Diyos. Isang araw bago nun, isang grupo ng mga lokal na ministro ang naghamon sa propetang makipag-debate tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, subalit ang tapat at matagal

ng kasa-kasama ng propeta ang napiling magsalita sa debate, si Reverend F.F. Bosworth. Isang ministrong Baptist at masigasig na kritiko ng Makalangit na pagpapagaling ang tagapag-salita naman ng mga mapagduda. Natuklasan ng mga pahayagan ang nalalapit na debate, at dali-dali nila itong inilathala sa mismong ulo ng mga balita, *“Wawagayway Ang Bandera Ng Mga Teologo Ngayong Alas-7 Ng Gabi Sa Sam Houston Coliseum.”*

Kumontrata ang kalaban ng isang propesyunal na taga-litrato, si Ted Kipperman ng Douglas Studios, para kunan ang debate. Nung gabing iyon, nakunan ng ilang litrato si Kapatid na Bosworth na mapagpakumbabang nakatayo habang mapanakot na umasta ang kalaban; at sa isa nga sa mga litrato’y nakaduro ang hintuturo ng kalaban sa mukha ng naturang mapagpakumbabang matanda.

Noong magsimula na ang debate, walang pag-aalinlangang pinatunayan ni Reverend Bosworth ang pagkakaroon ng Makalangit na pagpapagaling sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kasulatan at pagkatapos, para wala nang maiwan pang pagaagam-agam, hiniling niyang magsitayo ang lahat ng napagaling sa kanilang karamdaman. Libo-libo ang tumayo. Pagkatapos na makaupo ng mga napagaling, hiniling naman niyang tumayo naman ang mga napagaling sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagaling na kasalukuyang miyembro ng denominasyon ng kanyang ka-debate. Tatlong daang miyembro ng kanilang iglesya ang tumayo upang buong pagmamalaking ipakita sa lahat ng naroon ang habag na ipinamalalas sa kanila ng Panginoong Jesus.

Naghamon ngayon ang kalaban. “Palapitin n’yo rito ang taong ’yan na nagpapagaling sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagaling. Gawin nga niya ang

pagpapagaling sa harap namin.” Naipaliwanag na nang malinaw ni Kapatid na Bosworth na tanging si Jesus lamang ang Makalangit na tagapagpagaling, subalit hindi pa rin maawat ang kalaban sa kakasalita. Kaya naman, inanyayahan na ni Kapatid na Bosworth si Kapatid na Branham na umakyat sa entablado. Tinanggap niya ang paanyaya habang sumisigaw ang mga tao ng pagsuporta.

**Ang propeta, na puspos ng Banal na Espiritu, ay nag-iwan ng ganitong pahayag:**

Hindi ko kayang pagalingin ang sinuman. Sinasabi ko na po sa inyo. Noong ipinanganak ako roon sa Estado ng Kentucky, gaya nga ng ikinuwento sa akin ng aking pinakamamahal na nanay, at nariyan nga't pinagtitibay ito sa aking buhay, may isang Liwanang noon na pumasok sa kuwarto ng maliit at luma naming tahanan, naroon nga iyon, wala man lang kasahig-sahig, walang kabinta-bintana, ang meron lang kami noon ay isang siwang na nagsisilbing pinaka-bintana, pinaka-pinto, at binukas nila ito nang mga alas-singko ng umaga, at ang liwanag na ito'y nagpaikot-ikot sa loob at magmamadaling-araw pa lang nun. Mula noon, naroon na lto at kasa-kasama ko na sa tuwina. Yun ang anghel ng Panginoon. Nagpakita Siya sa akin mga ilang taon na ang nakalipas. Sa buong buhay ko, sinasabi Niya sa akin ang mga mangyayari, at ang sinasabi ko sa mga tao ay 'yun ding sinabi Niya sa akin. At ngayo'y hinahamon ko ang kahit sino saan ka man naroroon, na puntahan n'yo po ang siyudad kung saan ako lumaki, o saan man, lahat ng binitiwang kong pahayag sa Pangalan ng Panginoon, lahat ay naganap gaya ng pagkakapahayag dito.

**Pagkatapos niyang sabihin ang mga pahayag na ito, bumaba ang Espiritu Santo sa entablo, at dagli-dagling kinunan ito ng larawan ng taga-litrato. Bumaba na si Kapatid na Branham ngunit nag-iwan siya ng isang simple, ngunit isang pahayag na nakaantabay na palang**



mangyari: *“Ang Diyos ang magpapatotoo. Wala na po akong masasabi pa.”*

Agad-agad trinabaho ng mga kasamahan ni G. Kipperman ang pagde-debelop sa mga litrato para mailathala kinabukasan sa mga pahayagan. May napansin siyang kakaiba habang hinahango niya ang unang litrato mula doon sa palanggana ng kemikal na ginagamit sa pagde-debelop. Yung litratong 'yun, gaya nung kasunod na lima pang litrato, mga blangkong lahat. Napahawak na lang siya sa kanyang dibdib at halos mawalan ng balanse nang hanguin niya ang pinakahuling litrato mula roon sa palanggana. Doon, sa pinakahuling litratong 'yun, naroon ang Haliging Apoy na kitang-kita't nakalutang sa ibabaw ng uluhan ng propeta ng Diyos, na si William Marrion Branham.

**Nasaksihan ng mga anak ng Israel ang Haliging Apoy na pinangungunahan si Moises, at gayundin namang nasaksihan ng mga tao ng makabagong panahon ang siya ring Haliging Apoy na pinangungunahan ang isa na namang propeta.**

Dagli-dagling ipinasa ang litratong iyon kay George J. Lacy, isang Propesyunal na Manunuri ng Mga Kuwestiyonableng Dokumento para sa U.S. F.B.I., na nagpatunay sa pamamagitan ng kanyang ekspertong opinyon na hindi peke ang litrato. Ang opisyal na dokumentong inilabas ni G. Lacy ay makikita sa kasunod na pahina.

Nangyaring lahat ito noong wala pang mga kompyuter o mga digital na kamera, at walang mailatag na kahit anumang paliwanag dito ang siyensya, maliban sa totoo ngang may aktuwal na Liwanag sa ibabaw ng ulo ni William Branham. Sa kasalukuyan ang litratong ito ay makikita sa United States Library Of Congress, sa kabisera ng bansa, ang Washington DC.

George J. Lacy  
Manunuri ng Mga Kuwestiyonableng Dokumento  
Shell Building  
Houston, Texas

Enero 29, 1950

REPORT AT OPINYON

Re: Kuwestiyonableng Negatib

Noong Enero 28, 1950 sa kahilingan ni Reverend Gordon Lindsay, representantib ni Reverend William Branham ng Jeffersonville, Indiana, nakatanggap ako mula sa Douglas Studios ng 1610 Rusk Avenue ng siyudad na ito, ng 4x5 pulgadang film na nagamit na sa pagkuha ng litrato at na-debelop na rin. Ang film na ito ay sinasabing kuha ng Douglas Studios kay Reverend William Branham sa Sam Houstom Coliseum ng siyudad na ito, noong bumisita siya nang mga huling bahagi ng Enero, 1950.

KAHILINGAN

Hiniling ni Reverend Lindsay na suriin ko sa siyentipikong pamamaraan ang nasabing negatib. Hiniling niyang tukuyin ko, kung posible, sa pamamagitan ng aking opinyon kung ang naturang negatib ay maaari kayang naretoke o "naduktor" sa anumang paraan, matapos na ma-debelop ang film, na nagpalitaw ng guhit ng ilaw na nagmistulang halo sa ibabaw ng ulunan ni Reverend Branham.

PAGSUSURI

Isang malayuan at malapitang pagsusuri at pagsisiyasat ang isinagawa sa kabuuang sukat ng magkabilang bahagi ng film, na isang Eastman Kodak Safety Film. Ang magkabilang bahagi ng film ay sinuri rin sa ilalim ng filtered ultra-violet light at ilang infra-red na litrato ang prinoseso gamit ang film.

Walang nakitang indikasyon pagkatapos ng malapitang pagsusuri ng kahit anong pagrereतोके ng film na maaaring sanhi ng prosesong ginagamit sa komersyal na pagrereतोके ng mga litrato. Gayundin, walang nakitang indikasyon pagkatapos ng malapitang pagsusuri ng kahit anong pamamasa sa loob at paligid ng guhit ng ilaw na kinukuwestyon.

Wala ring nakitang indikasyon pagkatapos ng ultra-violent light na pagsusuri ng kahit anong pagpasok ng maliliit na bagay mula sa labas, o resulta man ng reaksyon ng kemikal sa magkabilang bahagi ng negatib, na maaaring naging sanhi ng guhit ng ilaw, pagkatapos na maproseso ang negatib.

Wala ring nakitang indikasyon sa infra-red na litrato na magpapatunay na may ginawang pagrereतोके sa film.

Wala ring nakitang indikasyon pagkatapos ng pagsusuri ng kahit na anong patunay na ang kinukuwestyon na negatib ay composite na negatib o double exposed na negatib.

Walang nakitang indikasyon na ang kinukuwestyon na guhit ng ilaw ay ginawa habang pinoproseso ang pagde-debelop ng litrato. Wala ring nakitang indikasyon na hindi iyon dumaan sa regular at kinagawiang proseso ng pagde-debelop. Walang ring nakitang kakaiba sa kabuuang density ng mga iba't ibang ilaw sa litrato.

### OPINYON

Base sa nabanggit na mga pagsusuri at pagsisiyasat sa itaas naniniwala akong ang negatib na isinumite para sa pagsusuri, ay hindi nireतोके o isang composite o double exposed na negatib.

Gayundin, naniniwala akong ang ilaw na lumitaw sa ibabaw ng ulunan ay sanhi ng ilaw na tumama sa negatib.

Isinusumite nang may paggalang,



# NAHAYAG ANG MGA HIWAGA

Noong nagpapasimula ang pagmi-ministeryo ni Kapatid na Branham naging malinaw na mga organisasyong pang-relihiyon lang ang itinataguyod ng sistemang maka-denominasyon, at hindi ang tunay na Ebanghelyo. Sinasampalatayanan ni Kapatid na Branham ang Biblia mula sa pinakaunang Salita hanggang sa pinakahuling Salita, at hindi kailanman lalagay sa isang kompromiso, kahit na itakuwil pa siya ng mga kasamahan, kaibigan, o kapamilya man.

Noong kasapi pa siya ng Iglesia ng Missionary Baptist, naatasan siyang mag-ordena ng mga kababaihang ministro. Subalit, alam na alam nga niya ang Mga Kasulatan. Hayag na sinasabi roon sa I Timoteo 2:12, *“Ngunit hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik,”* at maging sa I Mga Taga-Corinto 14:34 ang sabi dun, *“Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia: sapagkat sila’y walang kapahintulutang mangagsalita...”* Hindi ito panunuligsa laban sa mga kababaihan, ngunit klarong-klaro ang Biblia sa paksang ito. Noong pinatawan na siya ng ultimatum, hindi niya kayang lumagay sa isang kompromiso kaya’t nilisan niya ang naturang iglesia.

Hindi lamang iyon ang Kasulatang lubos na pinagsasawalang-bahala ng mga denominasyon. Inihayag ng Diyos kay Kapatid na Branham ang katotohanan patungkol sa bautismo. Papaano naman kasing mag-uutos si Jesus na, *“Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo,”* samantalang ang lahat ng pagbabautismong naitala sa Biblia ay sa Pangalan



ni Jesus? Inutos ni apostol Pedro sa Mga Gawa 2:38 na ***mangagsisi at mangagbautismo sa pangalan ni Jesus Cristo***. Lubos na magkakatugma ang mga Kasulatan sa isa't isa, subalit kinakailangan ng isang propeta upang ihayag ang mga lihim na ito: ang "Ama" ay hindi pangalan, ang "Anak" ay hindi pangalan, at ang "Espiritu Santo" ay hindi pangalan. Kagaya na lang na ang isang lalaki'y ama ng kanyang mga anak, anak ng kanyang mga magulang, at kuya ng kanyang mga kapatid, subalit ang kanyang pangalan ay hindi "ama," "anak," o "kuya." Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay titulo para sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang Mateo 28:19 at Mga Gawa 2:38 ay lubos na tugmang-tugma sa isa't isa.

Maging ang orihinal na kasalanan sa Halamanan ng Eden ay nahayag, na hindi pagkain ng bungang kahoy, kundi isang bagay na higit na nakabibigla. Papanong maipapaalam ng pagkain ng pirasong bungang kahoy kina Adan at Eba na mga hubad sila? Wala ngang malinaw na kaugnayan iyon. Ano bang kinalaman ng mansanas sa kahubaran? Malinaw na inihayag ng propeta ng Diyos ang lihim na ito.

Sino yaong dalawang anghel na binabanggit sa ika-2 at ika-3 kabanata ng Apocalipsis? Marahil pamilyar ang kanilang pangalan.

Sino yaong mga mysteryosong mangangabayo sa ika-6 na kabanata? May isang napakahalagang bagay silang magkakapareho.

Nabanggit ba ang Estados Unidos sa Aklat ng Apocalipsis? Sino yaong 144,000 na naligtas sa ika-7 kabanata?

Sino naman yaong dakilang patutot sa ika-17 kabanata? Nahayag ang kanyang pagkakakilanlan at ang lahat ng mga lihim na ito sa pamamagitan ng Mensahe nitong dakilang propetang isinugo ng Diyos.

Hindi lang pinalolooban ng di-mabilang na himala ang lalaking ito, bagkus nahayag din sa kanyang pagmi-

ministeryo ang mga hiwaga ng Bibliang naitago sa paglipas ng mga kapanahunan. Malinaw na malinaw na hindi lang Malakias 4 ang tinupad ng propetang ito kundi iba pang Kasulatan.

***Apocalipsis 10:7: Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Diyos, ayon sa mabubuting balita na kanyang isinaysay sa kanyang mga alipin na mga propeta.***

Sumisigaw ang isang Tinig upang palabasin ang sankatauhan mula sa mga denominasyon pabalik sa orihinal na Salita ng Diyos. Ang bawat isa sa atin ay nabigyan ng pagkakataong gaya nung pagkakataong nakamit nila Pedro, Santiago, at Juan. Mayroon na tayo ngayong pagkakataong maibilang sa hinirang ng Diyos na kakaunti na hinding-hindi yuyuko sa mga organisasyong pang-relihiyon ng kapanahunan.

Nasusulat sa Banal na Kasulatan ang mga buhay at gawa ng mga taong nagsilakad kasama ang Diyos at nakatanggap ng pahid ng Kanyang Espiritu na kanilang maipapahayag na GANITO ANG SABING PANGINOON, at ang kanilang mga pahayag ay pinapatotohanan ng mga di-mapasusubaliang mga tanda at mga kababalaghan. Sila ang mga propeta ng Diyos, ang Tinig ng Diyos para sa kanilang henerasyon.

Iba na nga ba ang panahon ngayon kumpara dun sa panahon noong naririto pa si Jesus sa lupa? Mga lider ng relihiyon ang nagpapako sa Kanya. Napakakaunti lamang ng mga disipulo kumpara sa naglalakihang sistemang pang-relihiyon noong araw. Ang mga disipulo'y itinakuwil, kinutya, at pinatay pa nga dahil nanindigan silang lumaban sa sikat at kinamulatang sistemang maka-denominasyon. Marahil ay hindi na tayo ngayon pinapatay dahil sa ating mga paniniwala, subalit pihadong nakararanas tayo ng pang-aapi. Gaya nung mga Fariseo at mga Saduceo noong araw, hindi nila maitanggi

ang mga himalang napapaloob sa pagmi-ministeryo ni Kapatid na Branham kaya naman bumaling sila sa kung anu-anong panunuligsa. Marahil maririnig mong kesyo bulaang propeta siya, lider ng kulto, o matindi pa ryan. Sa totoo, isa siyang mapagpakumbabang tao ng Diyos at nanindigan siyang mainam laban sa mga denominasyon at mga kultong nagnanais angkinin at bakuran ang bayan ng Diyos. Tinuligsa nila si Jesus gaya ng pangaangkin at pamamakod nila ngayon noong Kanyang kalabanin ang kanilang mga dogma at mga tradisyon.

Kinilala ng Diyos ang pagpupursige ni Kapati na Branham na sampalatayanan ang bawat Salita sa Biblia, at Kanyang ginagamit ang kanyang pagmi-ministeryo upang akayin ang milyun-milyong kaluluwa patungo kay Jesus Cristo. Sa kasalukuyan, ang Tinig ng Ikapitong Anghel ay patuloy na rinig na rinig pa rin gaya noon. Aabot na sa dalawang milyong katao sa buong mundo ang naniniwala sa Mensahe ni Kapatid na Branham. Marahil napakaliit na bilang lamang nito kumpara sa dalawang bilyong nag-aangking sila'y mga Cristiano, subalit kailan pa ba hindi kakaunti ang mga tao ng Diyos?

Sa ngayon ay mayroon tayong 1,200 pangangaral na nai-rekord na naglalaman ng Tinig na binanggit sa propesiyang mangyayari doon sa Apocalipsis 10:7. Ang bawat isa sa mga pangangaral na ito'y naghahayag ng napakarami pang hiwaga ng Diyos. Ang Tinig na ito'y maaari mong mapakinggan kung nakapagpasya ka nang pakinggan Ito.

## NASA IYO ANG DESIYON

*Ni minsang hindi ako nagdala ng mensahe sa mga tao para sumunod sila sa akin, o umanib sila sa aking iglesya, o magpasimula sila ng mga samahan o organisasyon. Hindi*

*ko kailanman ginawa iyan at hindi ko iyan kailanman gagawin ngayon. Wala akong paghahangad sa gayong mga bagay, subalit ako nga'y may paghahangad sa mga bagay na nauukol sa Diyos at mga tao, at kung aking magagawa lamang ang bagay na iyon ay masaya na ako roon. Ang bagay na iyon ay ang matiyak kong naitatag ang isang tunay na espirituwal na ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao, kung saan ang mga tao ay magiging mga bagong nilalang kay Cristo, puspos ng Kanyang Espiritu at namumuhay nang naaayon sa Kanyang Salita. Ako nga'y mag-aanyaya, magsusumamo at magbababala sa lahat na dinggin ang Kanyang tinig sa panahong ito, at ipauubaya ko nang lubos ang inyong mga buhay sa Kanya, tulad ng pagtitiwala ko sa aking puso na aking naibigay na nga ang aking lahat-lahat sa Kanya. Pagpalain kayo ng Diyos, at nawa'y ang Kanyang pagparito ay magpagalak sa inyong puso.*

Rev. William Marrion Branham



# MGA SANGGUNIAN

## SI JESUS CRISTO ANG DIYOS (PAGKA-DIYOS)

EXODO 20:3	Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko.
ISA 9:6	Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake: at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat: at ang kanyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan.
MAT 1:23	Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao, at manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag nila sa kanya ay Emmanuel, na kung liliwanagin ay, sumasa atin ang Diyos.
JUAN 1:1	Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.
JUAN 1:14	At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin, (at nakita namin ang kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama,) na puspos ng biyaya at katotohanan.
JUAN 4:24	Ang Diyos ay Espiritu: at ang mga sa kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.
JUAN 5:43	Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kanyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin.
JUAN 8:19	Sa kanya nga'y kanilang sinabi, Saan naroroon ang iyong Ama? Sumagot si Jesus, Hindi ninyo nakikilala ako, ni ang aking Ama: kung ako'y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang aking Ama.
JUAN 10:30	Ako at ang Ama ay iisa.
JUAN 12:45	At ang nakakita sa akin ay nakakita doon sa nagsugo sa akin.
JUAN 14:8-9	Sinabi sa kanya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin. Sinabi sa kanya ni Jesus, Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama?
JUAN 20:28	Sumagot si Tomas at sa kanya'y sinabi, Panginoon ko at Diyos ko.
MGA GAWA 2:36	Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos ito ring si Jesus, na inyong ipinako sa krus, na siyang Panginoon at Cristo.
MGA GAWA 9:4-5	At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kanya'y nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinag-uusig? At sinabi niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig: mahirap sa iyo ang sumikad sa matulis.
MGA TAGA-EFESO 4:5	Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo,
MGA TAGA-COLOSAS 1:13-17	Na siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng Anak ng kanyang pagibig: Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan: Na siya ang larawan ng Diyos na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang: Sapagkat sa kanya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan, at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan, o mga pagsakop, o mga pamunuan, o mga kapangyarihan: lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya, at ukol sa kanya: At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kanya.

MGA TAGA-COLOSAS 2:6-9	Kung paano nga na inyong tinanggap si Cristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa kanya: Na nangauugat at nangatatayo sa kanya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng pagkaturo sa inyo, na sumasagana sa pagpapasalamat. Kayo'y magsipag-ingat baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng kanyang pilosopiya at walang kabuluhang pagdaraya, ayon sa salit' saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo. Sapagka't sa kanya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman.
MGA HEBREO 13:8	Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, at ngayon, at magpakailan man.
I JUAN 5:7	Sapagka't may tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlo ay iisa.
APOCALIPSIS 1:8	Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at katapusan, sabi ng Panginoong Diyos, na siyang ngayon, at ang nakaraan, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat.

## BAUTISMO SA TUBIG

MAT 28:19	Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo:
MARCOS 16:16	Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas: datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.
MGA GAWA 2:38	At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.
MGA GAWA 4:12	At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.
MGA GAWA 8:12	Datapuwat nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos, at sa pangalan ni Jesus Cristo, ay nangabautismuhan, ang mga lalake't mga babae.
MGA GAWA 19:3-5	At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan, na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y, kay Jesus Cristo. At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus.
MGA TAGA-EFESO 4:5	Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo,
MGA TAGA-COLOSAS 3:17	At anumang inyong ginagawa sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Diyos at sa Ama sa pamamagitan niya.

# MGA SANGGUNIAN

## MGA PROPETA

MGA BILANG 12:6	At kanyang sinabi, Dinggin ninyo ngayon ang aking mga salita: Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong PANGINOON ay pakikilala sa kanya sa pangitain, na kakausapin ko siya sa panaginip.
DEUT 18:21-22	At kung iyong sasabihin sa iyong puso, Paanong malalaman namin ang salita na hindi sinalita ng PANGINOON? Pagka ang isang propeta ay nagsasalita sa pangalan ng PANGINOON, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumunod, ni mangyari, ay hindi sinalita ng PANGINOON ang bagay na yaon, bagkus ang propetang yaon ay nagsalita ng kahambugan: huwag mong katatakutan siya.
I CRONICA 16:20-22	At sila'y nagsiyaon sa bansa at bansa, at mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan; Hindi niya tiniis na gawan sila nino man ng kasamaan: oo, kanyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila, Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang aking mga pinahiran ng langis, at huwag ninyong saktan ang aking mga propeta.
AWIT 105:12-15	Nang sila'y kaunti lamang tao sa bilang; oo, totoong kaunti, at nangakikipamayan doon. At sila'y nagsiyaon sa bansa at bansa, mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan; Hindi niya tiniis ang sinumang tao na gawan sila ng kamalian: oo, kanyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila; Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang mga pinahiran ko ng langis, at huwag ninyong gawan ng masama ang mga propeta ko.
AMOS 3:7	Tunay na ang Panginoong DIYOS ay walang gagawin, kundi kanyang ihahayag ang kanyang lihim sa kanyang mga lingkod na mga propeta.
MALAKIAS 4:5	Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng PANGINOON:
LUCAS 1:70	Gaya ng sinabi niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta, na nagsilitaw buhat nang unang panahon:
LUCAS 24:25	At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta:
MGA GAWA 7:52	Alin sa mga propeta ang hindi pinag-usig ng inyong mga magulang? at kanilang pinatay ang nangagpahayag ng una ng pagdating ng Matuwid na Ito; na sa kanya'y kayo ngayon ay nangaging mga tagapagkanulo at mamamatay-tao:
MGA GAWA 24:14	Ngunit ito ang ipinahahayag ko sa iyo, na ayon sa Daan na kanilang tinatawag na sekta, ay gayon ang paglilingkod ko sa Diyos ng aming mga magulang, na sinasampalatayanan ang lahat ng mga bagay na alinsunod sa kautusan, at nangasusulat sa mga propeta:
MGA TAGA- EFESO 2:20	Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Jesus Cristo din ang pangulong bato sa panulok;
MGA HEBREO 1:1-2	Ang Diyos, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kanyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanlibutan;



## MGA HIMALA/MAKALANGIT NA PAGPAPAGALING

DEUT 26:8	At inilabas kami ng PANGINOON sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan:
MGA HUKOM 6:13	At sinabi ni Gideon sa kanya, Oh Panginoon ko, kung ang PANGINOON ay sumasaamin, bakit nga ang lahat ng ito ay sumapit sa amin? at saan naroon ang lahat niyang kababalaghang gawa na isinaysay sa amin ng aming mga magulang, na sinasabi, Hindi ba tayo iniahon ng PANGINOON mula sa Egipto? ngunit ngayo'y hiniwalayan kami ng PANGINOON at ibinigay kami sa kamay ng Madian.
AWIT 103:3	Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;
ISAIAS 53:5	Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kanya, at sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.
DANIEL 11:32	At ang gayon na gumagawa na may kasamaan laban sa tipan ay mahihikayat niya sa pamamagitan ng mga daya: ngunit ang bayan na nakakakilala ng kanilang Diyos ay magiging matibay, at gagawa ng kabayanihan.
MARCOS 16:17-18	At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; Mangagpapalabas sila ng mga demoniyo sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; Sila'y magsisihawak ng mgaahas; at kung magsinom sila ng bagay na makamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling.
JUAN 14:12	Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagkat ako'y paroroon sa Ama.
MGA GAWA 19:12	Ano pa't ang mga panyo o mga tapi na mapadait sa kanyang katawan ay dinadala sa mga maysakit, at nawawala sa kanila ang mga sakit, at nangagsisilabas ang masasamang espiritu.
I TESALONICA 1:5	Kung paanong ang aming ebanghelyo ay hindi dumating sa inyo sa salita lamang, kundi sa kapangyarihan din naman, at sa Espiritu Santo, at sa lubos na katiwasayan; na gaya ng inyong nalalaman kung anong pagkatao namin ang aming ipinakita sa inyo dahil sa inyo.
SANTIAGO 2:18	Oo, sasabihin ng isang tao, Ikaw ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga gawa: ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang hiwalay sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita sa iyo ang aking pananampalataya.
SANTIAGO 2:20	Datapuwat ibig mo bagang malaman, Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya na walang mga gawa ay baog?
SANTIAGO 5:14-15	May sakit baga ang sinuman sa inyo? ipatawag niya ang mga matanda sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon: At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kanya.
SANTIAGO 5:16	Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.
I PEDRO 2:24	Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kanyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran: na dahil sa kanyang mga sugat ay nangagsigaling kayo.

# MGA SANGGUNIAN

## ESPIRITU NI ELIAS

II HARI 2:15	At nang makita siya ng mga anak ng mga propeta na nangasa Jerico sa tapat niya, ay kanilang sinabi, Ang espiritu ni Elias ay sumasa kay Eliseo. At sila'y nagsiyaon na sinalubong siya, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap niya.
ISAIAS 40:3-4	Ang tinig ng isang sumisigaw, lhanda ninyo sa ilang ang daan ng PANGINOON, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Diyos. Bawat libis ay mataas, at bawat bundok at burol ay mabababa: at ang mga baku-bako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako ay mapapatag:
MALAKIAS 3:1	Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda, ng daan sa harap ko: at ang Panginoon, na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kanyang templo, at ang sugo ng tipan, na inyong kinaliligayahan: narito, siya'y dumarating, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.
MALAKIAS 4:5-6	Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng PANGINOON: At kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.
MAT 11:10 (Marcos 1:2, Lucas 7:27)	Ito yaong, tungkol sa kanya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan sa unahan mo.
MAT 11:14	At kung ibig ninyong tanggapin, ay siya'y si Elias, na paririto.
MAT 17:11-12	At sumagot si Jesus, at sinabi, Katotohanang si Elias ay paririto, at isasauli ang lahat ng mga bagay. Datapuwat sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at hindi nila siya nakilala, kundi ginawa nila sa kanya ang anumang kanilang inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao ay magbabata sa kanila.
LUCAS 1:17	At siya'y lalakad sa unahan ng kanyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid; upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda.
LUCAS 3:4 (Mat 3:3, Marcos 1:3, Juan 1:23)	Gaya ng nasusulat sa aklat ng salita ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, lhanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagmi-ministeryo ni Reverend William Marrion Branham at kung paano magkakakuha ng kanyang mga pangangaral, maaring bisitahin o sumulat sa:

**[www.angmensahe.com](http://www.angmensahe.com)**

o

Voice Of God Recordings Inc.  
019 St. Mary St., Barangay E. Rodriguez Sr.  
Cubao, Quezon City, Metro Manila, Philippines  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



---

[www.angmensahe.com](http://www.angmensahe.com)

TAGALOG

---